Isang bukas na liham sa mga kababayang migrante sa Hong Kong

Mga kababayan,

Bago ang lahat ay hayaan ninyong kami'y makapagpasalamat sa inyong mainit na suporta at paglahok sa mga kampanya at pagkilos na ating inilunsad. Ngayon pa lamang ay nais ko ng sabihin: tuloy ang ating mga laban!

Kamakailan ay inilunsad natin, kasama ng iba pang mga samahan, ang "Operasyon Bantay Konsulado" (OBK). Layunin nito na pabilisin, gawing mas maayos at tumutugon sa ating kailangan ang serbisyong dapat ay ibinibigay ng konsulado sa ating mga OFWs at gayundin ay mabantayan natin ang pagsulpot ng mga patakaran na tumatapak sa ating karapatan.

Ngunit ang inisyatibang ito ay hindi ikinatuwa ng Konsulado.

Sa pahayag ng bagong Consul General Alejandrino Vicente sa midya,sinabi niyang maari daw tayong magbantay sa Konsulado pero sa malayo ("from afar") dahil ito daw ay makakapagpababa ng moral ng mga empleyado sa Konsulado. Ngunit hindi naman ang mga empleyado ng Konsulado ang babantayan natin kungdi ang mga polisiyang ipinatutupad ng pamahalaan na hindi naman nakakatulong sa atin at nagkakait ng serbisyo sa atin.

Humingi sila ng pakikipagusap sa atin ngunit hindi ito natuloy dahil sa kanilang mga kondisyon – na lima lamang ang pwedeng dumalo sa pag-uusap at hindi sa araw ng Linggo. Nagbigay tayo ng dalawang pamimilian na petsa pero hindi na nila tayo binalikan hinggil dito.

Noon namang umaga ng Hulyo 27, nagsadya tayo sa Konsulado upang iprotesta ang napaka-bagal na pagresponde ng gobyerno ni Arroyo sa ating 30,000 kababayan sa Lebanon na nalalagay sa peligro dahil sa walang habas na pambobomba ng Israel.

Umabot ng pitong araw bago nagsagawa ng paglilikas at naglaan lamang ng budget na P150 milyon na sapat lamang para maglikas ng 1,500 katao. Paano na ang 28,500? Bakit nakapaglaan si Arroyo ng P1 bilyon para sa "all-out-war" policy niya (na pumapatay ng mga walang armas na aktibista at sibilyan) ngunit P150 milyon lamang para magsalba ng buhay ng mga migrante sa Lebanon? Hindi ba't marapat lamang itong protestahan?

Kinondena din natin ang plano ng gobyerno na gawing pwersahan ang pagmi-myembro sa SSS upang palakihin ang kanilang kapital at kikilan na naman tayong mga migrante.

Ngunit laking gulat namin nang salubungin kami ni Vice Consul Arugay at isa pa niyang kasama na walang ID sa labas ng gusali kung nasaan ang Konsulado. Taas-noo niyang sinabi na may bago na raw silang patakaran at hindi na maaring magsagawa ng mapayapang protesta sa Konsulado. Sa ibaba na lamang daw sa labas ng gusali at lima lamang daw ang maaring pumanhik sa Konsulado.

Gayunpaman, iginiit natin ang ating karapatan at tumuloy tayo para magprotesta sa Konsulado.

Ang mga pangyayaring ito ay lubos na nakakabahala. Ang mga ito ay nagpapakita ng ibang mukha ng Consul General na sa mga pahayagan ay napapabalitang magiliw at laging dumadalo sa iba't-ibang mga pagtitipon, mga kasiyahan at mga salo-salo at taliwas daw sa dating Congen Jover na ayaw makisalamuha sa mga domestic worker.

Ngunit lagpas pa sa pagdalo sa mga kasiyahan at kainan ang ating inaasahan kay ConGen. Ang nais nating makita ay mga mas makabuluhan at kongkretong programa na lagpas pa sa mga matatamis na pananalita at pagpapakita sa publiko. Kung pareho din ang kanyang patakaran ano ang ipinag-iba nya sa mga nauna nang Consul General?

Kung tunay ngang magiliw at mahilig siyang makisalamuha sa ating mga kababayan, bakit ayaw niyang marinig ang mga karaingan at reklamo nating mga migrante? Kung ganito nga, hindi ba pagiging mapagpanggap ito na syang ginagawa rin ni GMA sa pagturing sa lahat ng mga bumabatikos sa kanya bilang terorista?

Kung bukas ang mga counter ng Konsulado sa mga magbabayad ng OEC, passport, kontrata, notaryo, SSS, OWWA, Pag-ibig Fund at iba pa, hindi ba sila bukas sa mga problema?

Bagong dating pa lamang si Congen Vicente ay nagpaabot na tayo ng listahan ng mga matagal nating kahilingan kagaya ng pagaalis ng $212.50 na authentication fee sa singilin sa kontrata at pagpapababa ng presyo ng passport na kagaya ng presyo sa Pilipinas.

Ngunit hanggang ngayon, ilang buwan na ang nakakaraan, walang substansyal na pagbabago sa pamamalakad ng Konsulado.

Bagkus ay nais pang alisin ang ating karapatan sa mapayapang protesta at dagdagan ang ating bayarin sa pamamagitan ng mandatory na SSS.

Kung tutuusin, ang mga programa at pagkilos na ating isinasagawa ang nagresulta ng mga tagumpay na kahit na papaano'y nakapag-pagaan sa ating kalagayan. Ilan sa mga ito ay ang pagpapababa ng singilin sa pagpoproseso ng kontrata (dating HK$425), ang passaporte (dating HK$510), ang pagbubukas ng Konsulado kapag Linggo at iba pa. Dalawang beses na ding itinaas ang ating sahod ($50 at $80) simula noong 2004 nang ilunsad natin ang kampanya para ibalik ang ating sahod sa HK$3,670 at pagbabasura ng levy.

Sa pagkakataong ito ay mainam na maipaabot sa Konsulado na tayong mga migrante dito sa HK ay nagkamit ng mga pagbabago dahil sa ating pagkakaisa at pagsasama-sama. Ito na nga lamang ang meron tayo, pati ba naman ito'y nais pa nilang ipagbawal.

Kung itutuloy ang ganitong mapaniil na patakaran ng Konsulado, papaano pa natin tututulan ang mga kaliwa't-kanang singilin? Papaano natin ilalantad kapag ang pondo ng mga OFWs sa OWWA ay kinukurakot at sa serbisyo'y ipinagdaramot? Papaano natin ipagtatanggol ang ating sarili, pamilya at bayan kung ang sama-samang pagkilos ay ipagbabawal pa?

Ang kailangan natin ay hindi lamang pinakikinggan, kundi ina-aksyunan din ang ating kahilingan. Hindi lamang makasulat kungdi malaya ding makapagpahayag at magprotesta.

Ito ang mga kailangan natin. Ano na nga ba ang ibinigay nila sa atin? May nagbago na nga ba? Ngayon natin sukatin.

Para sa migrante at pamilya,

Eman C. Villanueva
United Filipinos in Hong Kong (UNIFIL-MIGRANTE-HK)
28 July 2006